



DIARY OF A  
**PULUBI**

**22** Money Lessons On How  
To Avoid Going Broke

**CHINKEE TAN**  
WEALTH & LIFE COACH



# DIARY OF A PULUBI

**22 Money Lessons On How To Avoid Going Broke**

**Learn How to Spend Without Being Broke**

*Huwag...*

***Shopping Now! Pulubi Later!***

***Bakasyon Now! Pulubi Later!***

***Party Now! Pulubi Later!***

I recently wrote a series of blogs on “pulubi later,” which generated a lot of views, shares and comments. One entry even got 10 million views!

Ang ibig lang sabihin nito ay marami ang nakaka-relate sa nilalaman ng blog entries. Ito mismo ang dahilan kung bakit ko napagpasyahan na gawin itong libro.

**This book will teach you how to spend wisely through 22 money lessons that will help you become aware kung:**

*Ano ang buying habits at patterns natin?*

*Bakit tayo obsessed bumili kahit hindi naman natin kailangan?*

*Paano makakaiwas sa temptasyon?*

*Ano ang tamang diskarte para maka-ipon now at guminhawa later?*

Benefits of this book:

*Know how to overcome bad shopping habits.*

*Know how to celebrate milestones without going beyond your budget.*

*Know how to upgrade your gadgets without borrowing money from others.*

*Know how to enjoy your vacation without getting into debt.*

*I hope you'll enjoy reading this book as much I did preparing it.*

**Matuto at maliwanagan!**



DIARY OF A  
**PULUBI**  
22 MONEY LESSONS ON HOW TO AVOID GOING BROKE

**CHINKEE TAN**

**DIARY OF A PULUBI**  
**22 Money Lessons On How To Avoid Going Broke**  
*by CHINKEE TAN*

Copyright©2017 by Chinkee Tan

All rights reserved.

*No part of this publication may be reproduced, stored in a retrieval system,  
or transmitted in any form or by any means electronic, mechanical,  
photocopying, recording or otherwise without written permission from the  
author.*

AUTHOR **Chinkee Tan**

EDITORS **Donna Tan, Mars Joseph Lim, Cristina Lazo**

BOOKCOVER LAYOUT: **Patrick Mabilog**

BOOK LAYOUT: **Debbie Liao**

PUBLISHED BY

**CSM Publishing** *with Chinkee Tan*

*For Bulk orders of this book, please contact:*

**Direct Marketing**

**Church Strengthening Ministry, Inc.**

at 512-15-02 to 05

*Printed in the Philippines*

**EAN# 480652317583-8**

# INTRODUCTION

As a wealth and life coach in the Philippines, one thing that bothers me the most is seeing people living in financial stress.

Na-discover ko na ang ugat nito ay hindi kakulangan ng kita. Kadalasan, ang pinagmumulan ng financial stress ay:

- Lack of knowledge
- Lack of discipline
- Lack of proper guidance from experts.

Kung maisasama lang kita sa mga financial seminars at counseling sessions ko, tiyak na madudurog din ang puso mo kapag marinig mo ang mga pinagdadaanan nilang mga problema sa pera.

Because of the financial stress na pinagdadaanan ng napakarami nating mga kababayan, at tila hindi na nila kayang lutasin o lampasan man lang ito. Kaya't na-inspire akong magsulat ng isang series kung saan pwedeng matuto at maliwanagan kung ano ang mga pinagmumulan ng financial stress at paano ito maiiwasan.

I always subscribe to the idea that prevention is better than cure. Tama po ba?

So if you want to be financially-literate and want to take control of your finances, this is the perfect opportunity to enrich yourself.

Huwag na natin patagalin, let's get right into it!

Always Chink Positive,

A handwritten signature in black ink that reads "Chinkee Tan". The signature is written in a cursive, flowing style.

Chinkee Tan

|        |                            |                          |     |
|--------|----------------------------|--------------------------|-----|
| 1 >>>  | <b>SHOPPING</b>            | <i>Now, Pulubi Later</i> | 01  |
| 2 >>>  | <b>MAGARBONG KASAL</b>     | <i>Now, Pulubi Later</i> | 07  |
| 3 >>>  | <b>YABANG</b>              | <i>Now, Pulubi Later</i> | 13  |
| 4 >>>  | <b>UPGRADE</b>             | <i>Now, Pulubi Later</i> | 17  |
| 5 >>>  | <b>AYAW MAG-BAON</b>       | <i>Now, Pulubi Later</i> | 21  |
| 6 >>>  | <b>PARTY</b>               | <i>Now, Pulubi Later</i> | 27  |
| 7 >>>  | <b>SOBRANG MATULUNGIN</b>  | <i>Now, Pulubi Later</i> | 33  |
| 8 >>>  | <b>ASIONG AKSAYA</b>       | <i>Now, Pulubi Later</i> | 39  |
| 9 >>>  | <b>TRAVEL</b>              | <i>Now, Pulubi Later</i> | 45  |
| 10 >>> | <b>KAPE-KAPE</b>           | <i>Now, Pulubi Later</i> | 49  |
| 11 >>> | <b>PASALUBONG</b>          | <i>Now, Pulubi Later</i> | 55  |
| 12 >>> | <b>BONGGANG DATE</b>       | <i>Now, Pulubi Later</i> | 61  |
| 13 >>> | <b>UTANG</b>               | <i>Now, Pulubi Later</i> | 65  |
| 14 >>> | <b>PA-BEAUTY</b>           | <i>Now, Pulubi Later</i> | 69  |
| 15 >>> | <b>CREDIT CARD</b>         | <i>Now, Pulubi Later</i> | 75  |
| 16 >>> | <b>PAGPAPAUTANG</b>        | <i>Now, Pulubi Later</i> | 81  |
| 17 >>> | <b>GADGETS</b>             | <i>Now, Pulubi Later</i> | 87  |
| 18 >>> | <b>CELEBRATE</b>           | <i>Now, Pulubi Later</i> | 91  |
| 19 >>> | <b>WALANG BANK ACCOUNT</b> | <i>Now, Pulubi Later</i> | 95  |
| 20 >>> | <b>KAIN SA LABAS</b>       | <i>Now, Pulubi Later</i> | 99  |
| 21 >>> | <b>TAKAW-TINGIN</b>        | <i>Now, Pulubi Later</i> | 105 |
| 22 >>> | <b>TAMBAY</b>              | <i>Now, Pulubi Later</i> | 111 |

# DIARY OF A PULUBI CONTENTS

22 MONEY LESSONS ON HOW TO AVOID GOING BROKE



# 1

# SHOPPING NOW, PULUBI LATER

Sale!

Buy 1, Take 1 Promo!

50% off on all items!

Limited Offer!

Bumibilis ba ang tibok ng puso mo sa excitement kapag nakakakita ka ng mga ganito?

Laman ka ba lagi ng mga shopping centers?

Feeling mo ba na lagi kang mauubusan ng items kaya grab lang ng grab?

Sino ba ang hindi makatanggi? Lumalapit na nga sa iyo ang grasya, pakipot pa.

*"Bakit Chinkee, masama ba mag-shopping?"*

Not at all, I also shop. The issue is not the shopping, the issue is may pang shopping ba?

Kasi para sa iba ang shopping ay isang bisyo. Pwede nga natin itong tawaging 'BISYO-pping', nakakaadik at ginagawa natin ng paulit-ulit kahit wala nang pera at lubog na sa utang.

Wala naman masama sa pamimili, lalo na kung may nailaan kang pera para dito.

But sad to say, dito na napupunta ang halos lahat ng

kinikita at pinagpapaguran natin. Kaya ilang araw pa lang, awan ti kwarta na.

Bakit nga ba nauubos ang pera natin sa shopping?

## **WINDOW SHOPPING**

*"Titingin lang ako, promise."*

*"Sisilipin ko lang kung may bago."*

*"likot lang naman ako, habang nagpapalamig."*

We keep on saying these things sa tuwing nagbabalak tayong pumunta ng malls, pero we always end up na may bitbit na supot ng mga pinamili. Tama?

It's because we have weak spots tulad ng mag-grocery or bumili ng shoes, bags, or electronic items, na kung saan hindi natin naiwasang matalo ng temptation as we stroll along every aisle.

Breaking this habit requires strict discipline. Ask yourself first:

*"May extra money ba ako para rito?"*

*"Kaya ko ba itong bayaran kaagad ng hindi nangungutang o ginagalaw ang ipon?"*

Kung wala, then WALK AWAY. Or better yet, avoid going to malls and bazaars dahil once na gumastos tayo para sa hindi naman natin kayang bayaran, dito na nagsisimula ang utang.

## **DALA ANG BUONG WALLET AT CREDIT CARDS**

Ano ba ang laman ng wallet natin? Kadalasan, naroon ang allowance natin for the week or ang buong sweldo, pati na rin ang mga credit cards.

*"Uy, dami ko pa palang pera. Pwede pa ako bumili."*

*"Yes! Dala ko ang credit card ko, ipa-swipe ko na lang ito!"*

Just the thought alone can make us lose a lot of money dahil ang akala natin na extra money ay hindi pala. 'Yun pala ito 'yung nakalaan sa pag-sustain ng ating daily needs. So ang ending, utang na lang muna o gagalawin ang savings dahil naubos na.

We should only bring enough money when we go out nang sa gayon, tayo ang mag a-adjust sa kung ano lang ang meron tayo at the moment.

We need to LEARN TO BUDGET.

## **SHOPPING WITH EMOTIONS**

Bad trip sa office, mamimili para makalimot.

It was a happy and productive day, mamimili as reward sa sarili.

Nade-depress sa buhay, mamimili para kumalma.

Ito 'yung tinatawag nating shopping with emotions.

Naku! Sa dami ng nagaganap sa buhay natin araw-araw, ibig ba nitong sabihin ay may tendency din

tayong mamili araw-araw kapag hinayaan nating kontrolin tayo ng emosyon? Yes! And this, mga kapatid, is the quickest way to become broke.

Pwede naman tayong mag-relax o maglabas ng sama ng loob without spending, tulad na lamang ng reading a book, taking long baths, or maglakad-lakad sa park.

## **ENVY**

*"Bakit meron siya noon? Makabili nga din."*

*"Yabang naman niya. Kahit sampu, kaya kong bumili niyan."*

Envy can lead to competition. Competition can lead to more and more shopping. More and more shopping can lead to more debts. Ayaw kasi nating natatalbugan tayo ng ibang tao. So the moment that we see others buy something new, gusto natin na meron din tayo noon.

Kahit wala tayong pera o can't afford, 'di bale nang mangutang, basta makagawa lang ng paraan na maipakita sa iba na *"kaya ko rin bumili niyan"*.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Anong dahilan ng iyong excessive shopping?*

*Ito bang mga pinamimili mo ay kaya mong bayaran o "bahala na" kung paano babayaran?*

# 2

## **MAGARBONG KASAL NOW, PULUBI LATER**

♪*Tan-tan-tanan...*

♪*Tan-tan-tanan...*

Hindi 'yan ang aking apelyido na inulit-ulit...

Ito ang madalas nating marinig kapag merong ikinakasal.

Ito ang isa sa pinaka-inaabangang okasyon ng dalawang taong NAGMAMAHALAN.

Parating nasa isipan, *“once-in-a-lifetime lang ang kasal, titipirin mo pa?”*

Dapat, engrande! Minsan lang ito, itodo mo na!

Okay lang naman ang engrande KUNG afford mo. Kung hindi kerì, eh 'di mag-adjust.

Pero may iba, na sa halip mag-adjust, ginagawan ng paraan na nagre-result lang sa UTANG.

While it's so tempting to indulge, let us instead be practical.

Aanhin mo ang engrandeng kasal kung magigipit ka naman kinabukasan?

Bakit nga ba sumosobra ang gastos sa isang kasalan?

## **GUSTONG IMBITAHIN LAHAT**

As much as we want to invite everyone mula kaba-

bata, kamag-anak, ka-klase, ka-opisina, o kaibigan, honestly speaking, the more guests we have, the more expensive our wedding will turn out. Nagmultiply kasabay ng number of heads ang pagkain, souvenirs, invitations, at iba pa.

Choose to invite only those na talagang may kinalaman at pakialam sa magiging buhay ninyo bilang mag-asawa. You don't owe anybody an explanation kung bakit hindi sila invited. Ang totoong kaibigan, maiintindihan kung nagtitipid kayo. Invited or not, they will understand, respect your decision, and be happy for you.

## **FEELING "CAN AFFORD"**

Pinakasikat na caterer ang kukunin...

Pinakamagaling na banda o wedding singer ang ibu-book...

Pinakamagaling na photographer at videographer ang iha-hire...

Lahat ng PINAKAGUSTO, yun ang kukunin, sometimes just to prove a point na KAYA NATIN.

Kung lahat ng ito ay susumahin natin — tiyak, hindi pa tayo kinakasal, eh lubog na lubog na tayo sa utang.

Tipong on your wedding day, nakasimangot ka na lang dahil sa kakaisip kung saan kukuha ng pam-bayad kinabukasan.

Of course, it feels great to get one of the best suppliers for our wedding. Pero kung hindi na kaya, huwag na ipilit.

Maybe you can try going for new coordinators na nagsisimula pa lang who wouldn't charge you so much. Or baka meron kang kaibigan na magaling pala dito, at gagawin n'ya iyon para sa iyo — for free.

## **HINDI PINAGHANDAAN**

Ang problema kasi ng iba sa atin, ang daming gusto — pero walang sapat na budget para dito. Ang dahilan? Hindi pinaghandaan o pinag-ipunan.

*"Dapat sa hotel ang reception para sosyal."*

*"Ay, gusto kong punuin ang simbahan ng pinakamahal na mga bulaklak."*

*"Ang wedding gown ko, dapat gawa ng sikat na designer."*

Because of the pressure, ginagawa nating solusyon ang pangungutang o paggalaw ng lahat ng naipon para maisakatuparan lang ang gusto.

Kung may naipon para dito, eh 'di good for you. Pero kung wala masyado, stick to what you can only afford without sacrificing or jeopardizing your financial future.

## UNNECESSARY EXPENSES

Maraming naglalabasan ngayon na kung ano-anong pakulo to make weddings one-of-a-kind.

While it's nice to try or to have them for your own wedding, ang bank account ninyong mag-asawa ang most likely na masisimot.

A wedding is all about us, the person we love, and God who is the author of love and marriage.

Oo, once-in-a-lifetime event lang ito, but it's more important to think about not only to survive the day after the wedding but to thrive.

Learn to prioritize the things that you will only need for the wedding at gamitin lang ang matitipid sa mas mahahalagang bagay na dapat mong paglaanan after the event.

Tandaan, ang kailangan n'yo maging ay dalawang taong NAGMAMAHALAN at hindi dalawang taong NAMAMAHALAN sa tambak na gastusin at bayarin.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*May plano ba kayong magpakasal anytime soon o kinasal na kayo recently?*

*Are you still on a budget o medyo alanganin na?*

*Ano ang mga pwede ninyong gawin para hindi kayo mabaon sa utang?*

# 3

## YABANG NOW, PULUBI LATER

Mukhang mapera, pero ang totoo...butas ang bulsa.  
Mukhang big-time, pero ang totoo...lubog sa utang.  
Mamahalin ang mga gamit, pero halos wala nang makain.

Wow, mali! Mukha lang, pero hindi pala.

Okay lang mapagkamalang mahirap, pero mapera;  
kaysa mukhang mapera, pero mahirap lang pala.

I'm not saying that we shouldn't look good or dress up nice, but that we should make sure that we can really afford it. We should make sure that we are living within our means and not beyond it. Mahirap magpanggap at lalong mahirap makipagsabayan sa iba kung hindi naman talaga natin kerì.

Hindi masamang mangarap, pero ang mainggit at makipagkompetensya ay ibang usapan na. Iba ang ipinapakita natin sa totoong kalagayan natin. Min-san kasi, masyado tayong naco-conscious sa sasa-bihin at tingin ng ibang tao. Kaya most of the time, nagpapakitang gilás tayo.

Hindi ito dapat mangyari. We don't need to please everybody. Hindi kailangang mainggit at hindi kailangang magkumpara. Gagawin lang nitong miserable at komplikado ang buhay mo. We should learn to be content. Of course, pwede tayong mangarap. However, we should know kung ano talaga ang motivation natin. Ito ba ay upang magpasikat

sa iba? Ito ba ay upang mapatunayang mas angat ka at mas magaling? Ito ba ay upang kaiinggitan ka? Kung ito ang laman ng puso natin, then we have a problem.

Pero kung nais lang naman nating i-enjoy ang buhay, i-enjoy ang fruits ng ating labor, maging asensado, maging maginhawa, at maging masagana para makatulong din sa iba, then there's nothing wrong with it.

Simple lang ang buhay, let us not complicate it.

## **IF YOU CAN'T AFFORD IT, DON'T BUY IT**

Huwag umutang at huwag magpumilit bumili kung hindi kaya ng bulsa. Live within your means and adjust your lifestyle based on your income and not the other way around.

## **BE CONTENT**

Don't compare.

Stop saying...

*"Bakit siya, meron? Ako, wala?"*

*"Bakit siya, ganoon? Ako, hindi?"*

*"Mabuti pa siya. Sana, ako din."*

*"Lagi nalang siya. Paano naman ako?"*

Let's not pity ourselves. Kung hihinto tayo sa paghanap ng kung ano 'yung wala tayo, makikita natin na marami pala tayong meron na wala ang iba.

## BE GRATEFUL

Matuto tayong magpasalamat sa kung anong meron tayo. Let us always find ways to be thankful. It will make a difference if we will train ourselves to focus on the brighter side, rather than on the dark side.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*How is your spending habit?*

*Are you content with what you have?*

*Are you grateful or do you keep on grumbling for more?*



# UPGRADE NOW, PULUBI LATER

Mahilig ka bang mag-upgrade ng gadgets?  
Mahilig ka bang mag-upgrade ng iyong looks?  
Gaano kalaki ang ginagastos mo sa mobile data?

*“Upgrade your plan now, get a brand new phone for FREE!”*

*“For as low as P2,500/month, you’ll get your very own (insert phone model) – payable in 24 months!”*

Bakit mo ba gustong mag-upgrade? Dahil ba sa...

- mabilis na internet?
- magandang resolution ng camera?
- slim and lightweight?
- bigger memory?

For sure, these TelCos can dish out something that will tempt us.

Nakakatawa lang isipin na kung gaano kabilis ang pag-bago ng technology, ganoon din kabilis ang pag-switch ng preferences natin.

*“Bakit, Chinkee? Masama bang mag-upgrade?”*

Not at all! As long as di ka nahihirapan magbayad at dapat cash ang pang-upgrade mo. Pero minsan, nasisimot ang pera natin dahil sa mga standard natin sa isang telepono. Kada may bago, hinahabol natin ito — kahit lagpas na lagpas na ito sa budget natin. Anong kailangan nating gawin para hindi tayo mamulubi?

## **HUWAG MAGKUNWARI, SA HALIP AY MAGPAKATOTOO**

Sakto lang ang sahod, pero top-of-the-line mobile phone ang hawak.

Kulang na ang budget, pero naka-P2,500 ang data plan. Wala nang naitatabi, nag-avail pa ng 1TB na mobile data.

Ang karamihan kasi, natutuksong tanggapin ang mga ganitong promotions. Hindi dahil sa kailangan nila, kundi dahil gusto lang nilang makipagpaligsa-han sa iba. Kaya tuloy, kahit wala naman sa budget, pinipilit natin itong isiksik basta mai-project lang na kayang-kaya natin.

## **LEARN SELF-CONTROL**

Ano ba ang mga features ng isang phone that's essential ?

- Maka-send ng text.
- Makatawag.

Ito lang naman, 'di ba? Dati nga, call and text lang, solve na solve na tayo. Pero ngayon, ang dami na nating hinahanap na iba pang mga features.

*“Chinkee, paano ang e-mail? Magfe-Facebook pa ako para updated. Kailangan, always online!”*

Maki-share ka nalang ng WIFI o data plan sa kapitbahay mo at mag-share ka na din sa pagbayad nito, mas makaka-tipid ka pa.

Finally, my unsolicited advice to you is: If you can't afford it, tell yourself... *"IT CAN WAIT."* Kung hindi mo kayang i-upgrade ang bagong gadget at data plan mo, matutong magtiis, magtiyaga, at maghintay.

Work is done in the office and checking of social media or e-mails can be done at home. Meaning, hindi kailangang 24/7 online ka dahil kung ganito rin lang, mapipilitan tayong mag-register nang mag-register at magpataas ng data limit just to satisfy what we want to do at the moment — bagay na pwede namang makahintay. Gets mo ba?

Ultimately, ang goal natin kung bakit tayo kumikita ay para guminhawa ang buhay natin.

Uulitin ko, kapatid. Walang masama sa pag-upgrade kung kaya mo at hindi ka mahihirapan sa pagbayad nito in cash.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Ano ang gadget at mobile plan mo ngayon?*

*Kasya ba ito sa sweldo mo o nagigipit ka na dahil sa excessive na upgrade or additional load?*

*How can you further resist the temptation na kailangan mong mag-upgrade?*



**AYAW  
MAGBAON NOW,  
PULUBI LATER**

Nagbabaon ka ba ng pagkain sa trabaho o eskwelahan?

Mas gusto mo bang araw-araw bumili kaysa magdala ng sariling pagkain?

Ang pagbili ng pagkain ba ang sanhi ng pagkaubos ng budget mo kung minsan?

*"Magba-baon? Ayoko nga, nakakahiya."*

*"Eh, baka kung ano pa ang sabihin ng iba."*

*"Magmumukha naman akong kawawa n'yan."*

Naalala ko tuloy noong nasa elementarya pa ako. Dahil walang allowance na maibigay si Mama, nagbabaon ako ng maraming kanin at Ma-Ling. (Take note, not Spam, kasi we can't afford it during those times). At sa sobrang nipis ng pagka-slice ng luncheon meat, kapag hinangin, pwede siyang liparin. LOL!

Kahit anong sabihin ng mga friends ko, okay lang sa akin.

Ang hirap kasing magpanggap na kaya mong bumili sa canteen kung wala ka naman talagang pera. Okay lang na magmukhang baduy, huwag lang malipasan ng gutom.

Pero bakit kaya may mga tao na kahit gipit na gipit na, pilit pa rin nakikipagsabayan sa mga ka-eskwela o officemate na kumain sa labas imbis na magpakatotoo at mag-baon?

This is based on my personal observation at wala akong pinatatamaan. Kung may kahawig man ito sa mga pangyayari at mga personalidad, ito ay hindi sinasadya.

Naging habit na ng karamihan sa atin na pagdating ng breaktime, lunch, or dinner, eh dinadala na tayo kaagad ng mga paa natin sa samu't-saring kainan sa paligid ng opisina natin o eskwelahan.

Unang dahilan...

## **PRIDE**

May mga taong ayaw ipakita na hindi nila afford at ayaw ipahalata sa iba na sila ay nagtitipid.

Kahit halos wala nang matira sa sweldo o allowance, hala, laban pa rin! Kain at order pa rin o walang humpay sa kaiinom ng mga milk tea at coffee sa mamahaling coffee shops.

In other words, hindi kayang lunukin ang pride, kaya hindi pa natatapos ang linggo, ubos na kaagad ang pera.

Kapatid, if you are pretending to be somebody you're not, maniwala ka, ikaw rin ang mahihirapan in the long run. Mapipilitan kang manghiram sa iba para lang sumabay sa iba, mangangakong magbabayad kapag sumweldo ka na. Kaya pagdating ng

sweldo, wala nang matitira. So, ano ang diskarte ulit? Utang na naman!

Friend, I think panahon na para magpakatotoo. Admit that you can't afford. Wala namang naka-kahiya dito. In fact, we should be proud kung tayo ay nagba-baon because this simple trick will help us save. What's more, we can choose what we want to eat that is healthy and delicious based sa budget na kaya lang natin.

Never allow pride to settle in our hearts and minds. Labanan natin ito at matutong magpakumbaba.

Another reason is...

## **IT IS HARD TO SAY "NO"**

Kapag sinabing:

*"Uy, tara! Doon tayo sa \_\_\_\_\_."*

*"Tara, sige."* (Kahit walang pera.)

Kapag sinabing:

*"Mahal doon, pero masarap. Ano, game?"*

*"Oo ba!"* (Kahit wala sa budget.)

Magdadasal na lang na sana i-libre siya ng taong nagyaya. O kaya, magpapanggap na naiwan 'yung wallet at manghihiram ng pera sa kasama.

I know it is a cultural thing. Napakahirap tumanggi, lalo na sa mga taong gusto mong makasama. It is so tempting to say YES, kahit labag sa kalooban, because we think and feel na kapag hindi tayo sumama, baka pag-isipan tayo ng hindi maganda.

Pero friend, kailangan na nating gumising sa kato-tohanan.

Kung talagang walang-wala ka, kailangan mong sabihin na pass ka muna.

Hindi ka pwedeng pak na lang ng pak, pagkatapos ay broke na broke naman.

You just need to be honest enough to tell them...

*"Friend, sorry. Nagtitipid ako eh, next time na lang."*

*"Sama ako, pero dala ko baon ko ah?"*

Maiintindihan nila ito and we can even serve as a good example to them as well. True friends will not force you to do something that will not benefit you.

Ang bottomline, sa hirap ng buhay ngayon, kailangan nating magpakatotoo at hindi magpakaplastic. Ang plastic ay natutunaw din. We need to live honest lives at maging practical.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Nagba-baon ka ba?*

*Napre-pressure ka bang sumama kapag naimbitahan?*

*Ano ang dapat mong baguhin sa attitude mo para maisaayos ito?*



# **PARTY NOW, PULUBI LATER**

Filipinos are known for celebrating occasions, whether big or small.

Masaya at exciting nga naman, siyempre, gusto natin maging festive at memorable ang bawat sandali.

We celebrate life events like birthdays, piyesta, binyag, graduation, etc. Wala namang masama kung tayo'y magdiwang, as long as we do not borrow money to do it. Kung within budget or may extra pera tayo para dito, walang problema.

Pero if our savings get depleted just for the sake of being able to throw a party, may mali na.

Bakit nga ba nabubutas ang bulsa sa tuwing may okasyon?

## **IMBITADO ANG BUONG BARANGAY**

Nandiyan ang immediate family, ang second cousins, apo, apo sa tuhod — pati yata apo sa kuko at kapitbahay. Pati sina kagawad at kapitan, naku, lahat imbitado, walang pinapalagpas.

May habit kasi tayo na kapag may okasyon, imbitado ang lahat kahit pwede naman sanang wala doon sa event. Ang rason? *"Nakakahiyang hindi imbitahin."*

Moments like these are meant to be celebrated with people you are close to — mas intimate, mas maganda — para madama natin 'yung momentous event at hindi maging stressed sa kaka-entertain at pagpapa-impress sa iba.

## **MALA-BOODLE FIGHT SA DAMI NG HANDA**

Ito ang eksena.

*Kapag baboy:* nandiyan ang adobong baboy, sinigang na baboy, inihaw na baboy.

*Kapag chicken:* fried chicken, chicken afritada, chicken tinola

*Kapag isda:* Inihaw na isda, pritong isda, relenong isda

Looks familiar?

*“Chinkee, 'di ba okay lang naman ito?”*

Okay lang sana kung a few viands lang, pero kung lahat ng klase ng luto ay ihahain natin just to please our guests — thinking na magiging “masaya” sila kapag maraming pagpipilian — talagang mawawala ka sa budget.

Remember: Kung ano lang ang kaya, 'yun lang. Kung simple, isang ulam o dalawa lang, it doesn't matter. Don't pressure yourself. It is their presence that counts.

## COMPETITION

*"Mas maganda sa hotel para sosyal tingnan."*

*"Dapat mas engrande tayo, noh!"*

*"Ay, naku! 'Wag ka mag-alala, anak. Tatalbugan natin sila."*

Kaya lang naman palaki nang palaki ang gastusin natin dahil ang hilig nating tumingin, mag-compare at makipag-compete sa iba. 'Yung kung anong meron sila, dapat meron din tayo o higit pa.

Ang tendency tuloy, patong-patong na wishlist ang nangyayari. 'Di bale nang mangutang, magipit, o wala nang panggastos bukas — basta makalamang lang.

And it all goes back to...

## PRIDE

Kasi dapat, 'yung engrandeng handaan mo ngayon ay maulit sa susunod na okasyon. Natatakot kasi tayong masabihan ng:

*"Baka nagtitipid na sila."*

*"Wala na silang budget."*

*"Baka naghihirap na sila!"*

So tayo naman, ayaw nating pag-isipan tayo nang ganito kaya we go beyond our means just to shield ourselves from being the subject of gossip.

Swallow your pride. Maghigpit ng sinturon, kaysa naman maghirap tayo in the future dahil lang sa nagpadala tayo sa sasabihin ng iba.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Are you a wise spender pagdating sa handaan?*

*Kung hindi, bakit ka lumagpas sa budget mo?*

*What can you save on para maka-iwas sa utang?*



# 7

## **SOBRANG MATULUNGIN NOW, PULUBI LATER**

Naranasan mo na ba ang akuin ang problemang pinansyal ng iba?

Yung hindi naman ikaw ang nangutang, nanghiram, o hinahabol, pero ikaw ang nag-aayos?

Sobrang stressed ka na ba dahil dito?

Ipinagmamalaki ko ang kulturang nakagisnan natin na may malasakit sa mga mahal sa buhay.

Pero meron din naman tayong tinatawag na SOB-RANG MATULUNGIN na hindi na nakabubuti, lalo na kung wala nang naiwan sa pinaghirapan natin.

Paano mo malalaman kung sumosobra na ang pagiging matulungin mo?

Nangungutang para may maipa-utang.

Binabayaran at inaako ang problema ng iba.

Nahihirapang tumanggi, kahit walang-wala na.

Bigay nang bigay, kahit sagad na.

Bakit nga ba may mga taong SOBRANG MATULUNGIN, to the point na nakakalimutan na nila ang kanilang mga sarili?

## **UTANG NA LOOB**

Ito siguro ang pinakamahirap bayaran.

Ito ay isang klase ng utang na walang hangganan.

Ni hindi mo malaman kung kailan ka makakabayad ng buo rito.

Ang tanong ko na lang sa mga taong may ganitong klase ng utang: kailan ito matatapos?

## HINDI MAKA-HINDI

Ang alam mo lang sabihin ay OO. Hindi ka marunong tumanggi at humindi.

Yes ka na lang nang yes dahil natatakot ka na baka may masabi silang hindi maganda tungkol sa iyo.

At para wala silang masabi, kagat-labi ka na lang — kahit labag ito sa kalooban mo.

Tinitiiis mo na lang ang kahirapan para lumigaya ang ibang tao.

## GIVING "TOO MUCH"

Okay lang naman tumulong, basta huwag lang labis-labis.

Look, I emphasized the word "TOO". Why is that?

Minsan kasi, bigay tayo nang bigay kahit way beyond our capacity or what we can only afford na.

Akala kasi natin, 'yun lang ang paraan para makatulong tayo. But it's not.

Remember the old proverb that says, ***"give a man a fish and you feed him for a day; teach a man to fish and you feed him for a lifetime"***.

Ibig sabihin nito ay huwag natin silang hayaang sumahod lang sa biyaya. Instead, give them advice,

teach, or educate them on how to succeed para ma-motivate din sila to do the same thing and produce their own bread and butter.

Kaya ang ending nito...

## **MAKAKALIMUTAN ANG SARILING PANGANGAILANGAN**

Gustong mag-ipon, pero laging nagpapahiram sa iba ng pera.

Gustong mag-invest, pero kulang ang pondo dahil lumapit ang isang kaibigan.

Gustong magtayo ng business, pero naubos ang capital dahil pinambayad sa utang ng kapatid.

A lot of opportunities will be lost kapag patuloy tayong nag-all out sa pangangailangan ng iba. Set your priorities first and just offer what you can, nang hindi nasasakripisyo ang sarili.

*"Hindi ba parang ang damot ko?"*

Absolutely not. Lahat tayo ay binigyan ng pagkaka-taong makapagtrabaho at humanap ng diskarte. Allow them to learn on their own.

## **OTHERS BECOME DEPENDENT ON YOU**

*"Ma, wala nang pang-tuition ang anak ko."*

*"Sige, ako na ang bahala."*

*"Friend, may utang kasi ako sa credit card. Tulungan mo naman ako."*

*"Sige na nga. May extra pa naman ako dito."*

*"Baka meron kang kaunti diyan? Pambayad ko lang ng kuryente't tubig?"*

*"Na naman? Ano ba 'yan. O, eto."*

Kung mapapansin natin, mapagbigyan lang ng isang beses ang iba, pwede na silang maging abusive at lalapit nang lalapit sa iyo.

Ang nangyayari tuloy...

Wala nang naiipon.

Nangungutang na tayo para may ipautang sa iba.

Tayo ang naghihirap habang ang iba ay maginhawa.

## **STRESSFUL LIFE**

Hindi ka na makatulog ng mahimbing.

Alam mo kasi na wala ka nang matatanggap na sweldo dahil sa dami ng kaltas.

Hindi mo na rin alam kung paano haharapin ang mga taong pinagkakautangan mo.

Ang ending? You'll live a very unproductive and stressful life.

Again, hindi masamang tumulong at may ipahiram. Pero kung ikaw ang masasagad, matuto ka namang tumanggi!

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Sino ang mga kadalasang tinutulungan mo pagdating sa finances?*

*Sa paanong paraan mo sila pwedeng tulungan nang hindi nauubos ang budget mo?*

*Are you willing to teach them how to fish, instead of giving them fish?*

# 8

**ASIONG AKSAYA NOW,  
PULUBI LATER**

May kilala ka bang mahilig mag-shopping, pero hindi naman nagagamit ang mga pinamili?

Habit buksan ang electric fan o aircon kahit walang gumagamit?

Order lang ng order ng pagkain, pero hindi naman nauubos?

Kung 'Oo' ang sagot mo, siya o sila ay matatawag nating "ASIONG AKSAYA".

*"Teka. Sino ba 'yun, Chinkee?"*

Siya ang bida sa nausong komiks noong bata pa ako, na mahilig magtapon ng pera sa iba't-ibang paraan. He is the perfect example for this series at tiyak maraming makaka-relate sa kanya.

Alam niyo ba na sa bawat bagay na sinasayang natin, katumbas nito ay perang nawawala sa atin? Kaya kadalasan, ang consequence ay:

- Uutang sa ka-opisina, kaibigan, o kamag-anak.
- Madalas ma-delay ang pagbayad sa mga pangangailangan.
- Makikipagpatintero sa nagpuputol ng kuryente.

Bakit nga ba ang hilig-hilig ng ibang tao mag-aksaya?

## **HINDI SILA ANG NAGBABAYAD**

For some, hindi nila pinapansin ang mga nasasayang

dahil hindi naman sila ang nagbabayad. Pwedeng magulang, kapatid, kumpanya, o kung sino man — kaya para sa atin, wala silang pakialam.

*"Okay lang 'yan, sagot naman nila eh."*

*"Hay naku, ang liit lang niyan. 'Di naman mahahalata sa bill 'yan."*

*"Babayaran din ng kumpanya 'yan, mayaman naman sila."*

Kumbaga eh, wala namang mawawala sa kanila.

Oo, maaring wala silang inilabas na pera, pero, paano naman ang mga nagpapakahirap magbayad nito? Kailangan may malasakit tayo sa iba. We should at least help them sa pamamagitan ng pag-titipid man lang, 'di ba?!

## **NAGYAYABANG**

May iba naman na mahilig at walang pakialam kung may nasasayang para ipakita lang na “money is not an issue” for them.

*“Sky’s the limit”, ika nga.*

Ipapagmayabang na can afford nila ang:

- Maligo ng 5 times a day.
- Makabili ng kahit anong gusto nila anytime.
- I-enjoy lahat ng appliances nang sabay-sabay.

Kahit ang totoo, wala naman talagang pera to sustain these things. Sinasabi lang nila ang mga ito just

to show-off at hindi magmukhang kawawa sa mata ng iba.

Ang hindi maganda pa nito, since we're pressured with what others are expecting from us, gagawa at gagawa tayo ng paraan to keep up.

Ang ending? Mangungutang at manghihiram ng pambili o pambayad.

## **OUT OF CONVENIENCE**

Habang nagto-toothbrush o naghilamos, bukas ang gripo dahil TINATAMAD magbukas-sara.

Malapiyesta sa loob ng bahay kung maghain ng ulam, apat hanggang lima, na hindi naman nauubos.

Parang Raon na sa ingay dahil bukas ang TV, radyo, DVD player, at computer ng sabay-sabay, dahil GUSTO lang ng nanonood na, nakikinig pa ng music.

You see, it's all about convenience, na 'di baleng mag-aksaya o gumastos basta it would satisfy them and make them feel comfortable.

I tell you, that feeling is just temporary dahil ang tunay na sukatan ng "convenience" at pagiging komportable sa buhay ay 'yung hindi nagigipit, hindi nangungutang, at may laman palagi ang wallet.

And the secret to this is learning how to save in everything that we use. Don't give in to...

## IGNORANCE

*"Mahina lang naman ang konsumo ng aircon."*

*"Parang barya lang 'yan eh, 'di malaki ang epekto."*

*"TV at radyo lang naman ang naka-bukas, wala 'yan."*

'Yun ang akala natin, kaya wagas tayo kung mag-aksaya. Ang hindi natin alam, ang bawat:

Kilowatt hour ng kuryente...

Cubic meter ng tubig...

Butil ng kanin o natirang pagkain...

...ay katumbas ng piso o higit pa.

Kung 24/7 nakabukas at nakasaksak ang mga appliances, 24/7 din tayo gumagastos at ang pera natin ay parang tubig sa gripo na hindi sinasara, AGOS NG AGOS.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Mahilig ka bang mag-aksaya?*

*Anong mga bagay ang sinasayang mo?*

*Anong mga pagbabago ang gagawin mo para makatipid at hindi mamulubi?*



# 9

## TRAVEL NOW, PULUBI LATER

Mahilig ka bang mag-travel?

'Yun bang kapag may nakikita kang travel deals and promos, kaagad mo ito gina-grab? At kahit alam mo na walang matitira sa ipon mo, okay lang basta makaalis ka.

*"Uy, piso fare! Tara na!"*

*"OMG! It's a sign!"*

*"Book lang ng book! YOLO! You only live once."*

If there's anything that people are really fond of doing today, ito ay walang iba kundi ang mag-travel. I have nothing against people wanting to travel. Maski naman ako, when my schedule permits, sinusubukan kong umalis with my family.

May issue lang ito kung wala siya sa budget at uutangin mo ang pang-biyahe.

Ang nakababahala lang sa ganito, eh 'yung alis tayo ng alis. pero pagbalik pala natin, sorry to say... NGA-NGA na. Ibig sabihin, back to zero na tayo dahil naubos na lahat. May kasabihan nga, "travel now, pulubi later".

Bakit nga ba may tendency ang mga tao mag-travel na walang plano?

## **FEELING RICH**

Feeling lang, pero hindi sa totoong buhay.

Here's the thing:

When we travel, ang gusto pa ng iba ay 'yung mahahalagang accommodation, non-stop food trip, tours, and walang humpay na pagbili ng souvenirs that really eats up all your savings.

Maski lagpas na sa budget, hala! Sige pa din, basta may pasalubong sa lahat ng kaibigan, ka-opisina, at kamag-anak.

Minsan lang naman ito, kaya itodo na!

Masarap mabuhay ng mayaman, kahit ilang araw lang.

## **LACK OF PLANNING**

Minsan, hindi na naiisip ng iba na hindi lang ang pang-travel ang kailangan i-budget dahil hindi lang dito nagtatapos.

Meron pang accommodation, pagkain, tour or sight-seeing, pocket money, pasalubong, at marami pang iba.

Kapag nandoon na, doon na mapapasubo at minsan, nakakahiya man gawin, aasa na lang sa libre o kaka-palan ng mukha at mangungutang.

Hayyyy! Nakakalungkot.

## **WE ONLY LIVE FOR TODAY**

...but how about tomorrow?

'Yung craving natin to travel is just temporary, lilipas din iyan. Pero ang pagtanda o yung fact na wala na tayong kakayahan magtrabaho, 'yun ang hindi natin maiiwasan dahil darating at darating iyan.

I know some of you think that saving up for retirement is too early for you. Pero alam ninyo, sa lahat ng pwedeng pagkagastusan at pag-ipunan, this must be a top priority.

Retirement money will give us a comfortable life, kahit na hindi na tayo nagtatrabaho. It also allows us to purely enjoy dahil wala na tayong iniisip na utang.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Bago bumiyaha, may budget ka ba? Napag-ipunan mo ba ito?*

*Anong backup plan mo pagkatapos?*

*Are you ready to travel the road to financial freedom instead?*



# **KAPE-KAPE NOW, PULUBI LATER**

Coffee-lover ka ba?

Talaga bang nakakagising ito para sa iyo?

Hindi mo ba kaya na lumipas ang isang araw nang walang kape?

There's something about its taste and aroma na gumigising sa diwa natin.

Routine na para sa atin ang bumili at uminom ng coffee — iba't-ibang sizes na, iba't ibang flavor pa — from Mocha Frappuccino, Hazelnut or Caramel Macchiato, Espresso, Brewed, or simpleng Barako.

Masarap, feel-good, at picker-upper. Pero alam niyo bang this is one of the main reasons kung bakit kinakapos tayo sa pera at budget?

Masarap talagang humigop ng mainit na kape with matching relaxing ambience, lalo na kung kayang i-absorb ng bulsa natin ang gastos.

Pero kung nagiging dahilan na ito para maubos ang laman ng wallet n'yo, may problema na tayo rito.

Bakit nga ba tayo napapagastos ng ganoon kalaki para lang sa kape?

## **LACK OF SELF-CONTROL**

Ang sarap kasi ng feeling tuwing umiinom ng kape sa paboritong mong coffeeshop.

Bago pumasok sa office o klase, bili ng coffee.

Breaktime, bili ng coffee.

After lunch, bili ng coffee.

After office hours, bili pa rin ng coffee.

Sa bawat pagkakataon, lalo na when we have easy access, mahirap kapag wala tayong pinapalagpas. In other words, out of control na at hindi na kumpleto ang araw mo na walang kape.

## **STATUS SYMBOL**

Minsan, nagiging sukatan ang pagbili ng kape para masabi na tayo’y well-off or “can afford”. Nakakatawa pa nga ‘yung iba, paunti-unti pa ang pag-sip, nakabalot ng tissue para kunwari may laman pa, nakauwi na’t lahat, hawak pa rin yu’ng baso.

Feeling kasi natin, kapag may hawak tayong ganito, we’re holding something valuable.

Tandaan ninyo na ito’y simpleng inumin lang. Hindi tayo required bumili nito just to make us look good sa mata ng ibang tao. Kahit pa 3-in-1 lang ang iniinom natin, kung meron naman tayong ipon, then that’s something we can be more proud of.

## **CHOOSY PA**

*“Eh, masarap kasi ‘yung kape doon.”*

*“3-in-1? Ayoko nga! Walang kalasa-lasa, panay asukal lang iyan.”*

*“Iba pa rin ‘yung galing sa sikat na coffee shop.”*

Wala na ngang pera, choosy pa.

Wala naman sa budget, pinagpipilitan pa rin makabili.

Marami na ngang binabayaran na utang, aaraw-arawin pa ang pagbili ng kape.

During these times na sakto lang ang ating budget, hindi na natin kailangan i-pressure ang ating mga sarili to have something that we can't really afford. Kung anong available, matuto tayong makuntento at magpasalamat.

Imagine how much money we spend for branded coffee.

One cup usually costs at least **P130.00 x 5 days:**

**P 650.00/week**

**P 2,600/month**

**P 31,200/year**

Ha? **P31,200/year?**

Ilang taon ka nang umiinom ng branded coffee?

**YES**, mga kapatid!

The amount you are spending on coffee is enough to buy a high-end smartphone!

Kaya the next time may urge ka to buy coffee, think before you sip.

We can always look for alternatives to satisfy our taste buds without burning our wallet. Switch to a less expensive choice, instead.

If you still prefer branded ones, you might want to consider na bawasan ang trips mo to coffee shops from everyday to twice a week, so you can save more.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Naubos ba ang budget mo dahil sa kape?*

*What are your reasons for buying it?*

*Ano pang alternative ang naiisip mo para masiyahan ka without destroying your budget?*





# PASALUBONG NOW, PULUBI LATER

Are you an OFW?

Ikaw ba yung tipong hindi pwedeng umuwi sa Pilipinas na walang dalang tsokolate, laruan, sabon, lotion, home theater, at kung ano-ano pang pasalubong?

Tuwing nagbabakasyon ka, kailangan may uwi kang keychain, refrigerator magnet, at iba't-ibang klase ng souvenir para sa pamilya mo, kamag-anak, ka-opisina, boss, o mga kasama sa bahay?

Wala ka na ngang kapera-pera, pero nakukuha mo pang dumaan sa mall araw-araw para lang may pasalubong sa kanila?

Natural sa ating mga Pinoy ang pagiging mapagbigay at maalalahanin, kaya kada alis natin, hindi mawawala ang BITBIT na regalo o pasalubong.

Kadalasan pa nga, hindi pa tayo nakaka-alis, naghahabilin na ang iba.

Nandiyan 'yung:

*"Pasalubong ko, ah?"*

*"Size 9 ako. Regalo mo na lang sa akin."*

Okay lang ang magbigay kung ito'y nabayaran na ng buo at hindi inutang. O 'di kaya'y napaglaanan ito ng budget o allowance.

Pero minsan, nalulubog na tayo sa utang para lang may maiuwi at matupad ang ipinangakong pasalubong.

Bakit ba kasi may mga taong pressured mag-uwi ng pasalubong?

## **PA-IMPRESS**

*"Uyyyyy, galing ka doon? Yaman!"*

*"Mahal nito, ah! Salamat!"*

*"Grabe, ibang-iba ka na talaga ngayon!"*

Nakasanayan na ang pagbibigay, sometimes out of thoughtfulness, but also sometimes because people want to be noticed. Minsan they want others to know the destination they travelled to, or what they can afford to buy.

The question is, do they really need this?  
I don't think so.

Keep in mind na may regalo ka man o wala, presence is more important than gifts. Presence should be more than enough for the people who care for us and love us.

## **PAKITANG-TAO**

Para lang masabi na mabait at isipin ng iba na sila ay galante at mayaman?

Walang problema kung ito ay totoo. Pero kung ang

dami na nating utang o kung hinuhulugan na ito dahil pinambili ng mga pasalubong at regalo ang pera, ibang usapan na ito.

## **MAGYABANG**

*"Grabe! Ang dami mo namang pasalubong!"*

*"Wala 'yan, noh. Sige, pili na kayo diyan."*

*"Wow! Mahal siguro ng TV na iuuwi mo sa kanila."*

*"Hindi naman. Mura lang 'yan!"*

*"Uy, you don't have to do this. Ano ka ba? 'Kaw talaga!"*

*"Well, ganito talaga 'pag malaki na sweldo. Masanay na kayo."*

Grabe, sa mga ganitong sagot, feeling ko tatangayin na ako sa sobrang hangin! Woohh! Ang lakas, signal #4!

Ang kadalasan nating naririnig na *"huwag magyayabang kung wala namang ipagyayabang"*? This actually rings true.

Here's a reminder sa mga taong feeling pressured bumili ng mga pasalubong.

Learn to admit kung ano lang ang kaya mo. Kung meron, thank you. Kung wala, mas dapat tayong magpasalamat dahil wala tayong pinagkakautangan.

Hindi rin naman sa regalo nasusukat ang pagiging thoughtful ng isang tao. Simpleng kamustahan, text, tawag, o spending quality time with them — sapat na 'yun.

Kung walang pera, kung nagigipit, o may iba pang financial obligations na dapat pagtuunan ng pansin, manahimik na lang because we don't really need to broadcast anything just to prove something sa ibang tao — especially just to impress the people you do not like and give gifts to people you don't even genuinely like.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Lagi ka bang nagbibigay ng pasalubong sa kanila? Bakit?*

*Ito ba ay nabayaran ng buo o hinuhulugan mo pa rin hanggang ngayon?*

*How can we show thoughtfulness and generosity na hindi masyadong gumagastos?*





# **BONGGANG DATE NOW, PULUBI LATER**

- Movie dates sa mamahaling theater.
- Out-of-town trips.
- Pricey restaurants.
- Shopping to the max.

Ito ba ang weakness ninyong mag-asawa o mag-kasintahan?

Walang masama sa pag-date at pag-bonding, just make sure na ito'y hindi uutangin!

Kung anong saya ba ninyo ay siyang lungkot naman pag-uwi dahil wala nang pera pagkatapos?

To the point na...

- Halos wala na talagang natitira sa inyo?
- Pinipilit na lang dahil wala naman talagang budget?
- Nagiging dahilan pa kaya walang naiipon?

Darating at darating ang araw na mauubos ang perang dapat nakalaan sana sa mas importanteng mga bagay.

Ano ba ang pwedeng gawin para hindi pulubi later ang resulta ng date?

## **BE SIMPLE**

In one of my video blogs (You're A Team Mate), I mentioned na I love to cook and that is my strength. Kumbaga sa aming mag-asawa, ako yung may talent sa aspetong ito.

So at home, I cook for my wife and we eat and talk the whole day. Resulta? INSTANT DATE!

Ganoon lang dapat ka-simple ang dating. It doesn't have to be extravagant dahil companionship and quality time naman ang gusto natin, hindi ba?

EFFORT lang ang puhunan and believe me, they will appreciate it more than expensive dates.

## **USE ALTERNATIVES**

Instead of bringing them to places na mahal, you can still enjoy your time together without spending too much. Paano?

- Bring them to a park or to the zoo and be amazed by what nature has to offer.
- Cook their favorite dish.
- Movie marathon at home.
- Play board games.

At marami pang iba! Just be creative and for sure, you'll be able to discover new things about each other.

## **DON'T PRETEND**

Kung wala, eh 'di wala!

Kung meron, eh 'di meron!

Hindi natin kailangan magpanggap na may pera tayo kasi kung ganito na rin lang, sa bandang huli, tayo rin ang magigipit at mahihirapang magpa-liwanag kung bakit hindi na natin ginagawa para sa kanila 'yung nakasanayan na.

Say:

- *“Ito lang kasi ang kaya ko.”*
- *“Wala kasi akong budget para diyan.”*

Relationship comes with honesty. Tell them what you can only afford. If they love you, they will understand and happily support your plans to make your date exciting and memorable.

Kaya imbis na gumastos ng sobra-sobra, ilaan na lang natin ito sa mga bagay na mas kailangan nating pagtuunan ng pansin. Couples must help one another to save and budget kung gusto ninyong ma-achieve ang financial freedom in the future.

Huwag bonggang date now, pulubi naman later.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Magkano ang nagagastos ninyo kapag nagde-date kayo?*

*Ano ba ang mga activities ninyo?*

*Anong pwedeng alternative para makatipid kayo at maka-ipon?*



# UTANG NOW, PULUBI LATER

Ang sarap kumain sa mga restos.

Ang sarap mag-shopping nang walang limit.

Ang sarap mamasyal sa mga lugar na gusto mo.

Ang sarap bumili ng bagong sasakyan.

Walang masama sa lahat nang ito, as long as hindi ka sosobra sa budget at hindi mo UUTANGIN ang panggastos dito.

Walang katapusan ang pagbayad, pero parang 'di nababawasan ang utang.

Walanang natitira sa sahod.

Ubos na ang ipon.

'Di ka na nakakatulog ng maayos sa kakaisip ng mga utang mo.

Nakukulitan ka na sa mga ahente na walang sawa sa paniningil.

Walang katapusang utang. Walang katapusang stress.

Madaling umutang, pero mahirap magbayad.

Meron ding iba na nahuhumaling sa “**enjoy now, pay later**”, without knowing na may mga consequences kapag nagpabaya tayo sa pagbabayad on time.

For some people, naging habit at lifestyle na ang pangungutang. Before they know it, lubog na lubog na sila. Ang iba, hindi na kinakaya ang stress at

nauuwi na ito sa depression. Huwag naman sana tayong umabot sa ganoong sitwasyon.

Kaya...kung gusto mo nang tuldukan ang mga utang mo, follow these practical tips:

•**BE ACCOUNTABLE**

Huwag balewalain ang mga utang. Makipag-usap sa mga pinagkakautangan at huwag magtago sa kanila. Harapin ang mga responsibilidad and be accountable for your actions.

•**BE WISE**

Huwag ka nang mangutang ulit. Hindi maitatama ang mali ng isa pang pagkakamali. Maging wise sa spending, pati na rin sa pag-manage ng finances. Plan your budget and stick to it.

•**BE SIMPLE**

Simplify your lifestyle. Magtiis muna sa kaunti. Mag-sakripisyo ka muna.

•**BE DILIGENT**

Magsumikap at magtiyaga. Maghanap ka ng ibang paraan para makabayad ng utang.

•**BE REPENTANT**

Magbagong-buhay na. Change should start in the heart. You need to decide that you're going to live a debt-free life. You have to be willing to do whatever it takes to be financially-liberated.

Hindi totoong walang katapusan ang utang. Lahat ng bagay ay may hangganan. You just have to make a choice. Let us come to a point in our lives na magagalit tayo sa utang at nanaisin nating makalabas rito.

Matatapos rin ang utang, kung tatapusin mo na ito ngayon.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Gaano kalaki ang utang mo?*

*Ano ang mga nagawa mo na para lunasan ang problema mo sa utang?*

*Are you firm with your resolve to live a debt-free life?*



# PA-BEAUTY NOW, PULUBI LATER

Rebond, highlight, keratin treatment, at marami pang iba! Lagi ka bang nasa salon?

Makakita lang ng uso sa magazine, kahit walang pera, ipapagaya?

Gusto mo ba lagi kang “IN”?

Eh, bakit nga ba nagpapa-beauty ang karamihan?

*“Paraan ko ‘to para makapag-relax.”*

*“Eh, para hindi boring ang itsura ko.”*

*“Magpapahuli ba naman ako?”*

Masarap sa pakiramdam na paglabas natin ng beauty parlor, we feel *“confidently beautiful with a heart”*. ‘Yan ang sabi ng ating Miss Universe, Pia Wurtzbach.

Masayang magpa-beauty, as long as nasa budget at hindi mo mao-overlook ang mas mahahalagang bagay na dapat bayaran o paglaanan ng pera.

Pero kung labis-labis na ang paggastos natin, to the point na nagiging dahilan na ito ng pagkaubos ng budget o savings natin, sa palagay ko ay hindi na ito tama.

Fresh ka nga paglabas, haggard at stressed naman ang iyong finances.

Bakit nga ba may mga taong kahit gipit na, gumagawa pa rin ng paraan para magpa-beauty?

## **LAHAT DAPAT MASUBUKAN**

Kulot, straight, mahaba, maikli, may kulay, natural, manicure, pedicure, spa, palagay ng kilay, pilikmata — lahat, susubukan!

The point is, hindi mo kailangan subukan lahat ng mga bago para malaman kung ito ay babagay sa iyo. Pwede naman tayong magtanong nang hindi gumagastos. Kailangan natin maging praktikal. Kung gagastos ka, hinay-hinay lang at huwag all-out.

## **COMPETITION**

May mga taong gagastos at gagastos para lang matalbugan ang iba. Yun bang "may masabi" lang na pwede nilang ipagmalaki o ipagmayabang sa iba.

Okay lang sana kung "can afford" tayo sa mga ganitong bagay. Pero kung gagastos lang o mangu-ngutang para lang makipag-contest sa iba — 'yun bang pagandahan, baguhan ng style, o kung sinong pinakauso sa inyo — mauubos at mauubos ang pera natin. Worst, pati savings natin, magagalaw.

## **MAHILIG MANGGAYA**

Because we are a celebrity-driven culture, we are highly exposed to the media and trendy magazines that dictate the standard of beauty. Kaya ang iba sa atin, iniisip na 'yun ay normal na, at kaya tuloy, ginagawa natin ang lahat para maging kagaya ng iba.

Bagong gupit lang ang celebrity peg mo, gaya.  
Nagpakulay lang ng buhok si idol, gaya.  
May in-endorso lang na bagong produkto, gaya.

Hindi masama sumunod sa trend, hinahangaan natin ang mga 'yun eh. Pero kung wala naman tayong pera to keep up with them, stop. Hindi naman dito nasusukat ang pagiging isang "fan". Pwede naman natin silang gayahin sa ibang paraan, nang hindi nadidisgrasya ang bulsa.

## **PEER PRESSURE**

*"Okay lang 'yan. Pera mo naman 'yan, gastusin mo na!"*

*"Eh, anong gagawin mo diyan sa picture? Tititigan mo lang? Ipagaya mo na!"*

Siyempre tayo, the more na may nambubuyo, lalong rumurupok — maging ang buhok, especially kapag hindi matibay ang panlaban natin sa mga sabi-sabi o temptation.

Not knowing kapag nagpapaapekto tayo at nakinig sa sasabihin ng iba, 'yun ang magiging rason ng pagkalubog sa utang at pagkaubos ng perang pinaghirapan natin.

Bago ka bumigay, ang tanong: May pera ka ba para sa mga ganito o wala? Kung wala, huwag mo nang ituloy or better yet, look for an alternative without

the need to spend too much.

Let me wrap things up.

Most people think na gaganda at gugwapo sila kapag galing sa salon. What they don't realize is that beauty does not only come from the outside, but also from within.

Maaring importante ang panlabas na anyo, pero mas importante ang ganda ng kalooban. Aanhin mo ang...

...maganda nga ang buhok, naninira naman ng kapwa?

...bagong manicure at pedicure nga, minamaliit naman ang ibang tao?

...kamukha nga ang iniidolong artista, bastos naman ang pag-uugali?

We need to work and focus more on ourselves — particularly, our attitude — and aim to build great relationships with others dahil una sa lahat, we're already innately beautiful.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Bakit ka nagsa-salon o nagpapa-beauty?*

*Are you using extra money that you have or nagigipit ka na dahil dito?*

*Have you tried other alternatives that can help you look and feel good na hindi mabubutas ang bulsa mo?*



# **CREDIT CARD NOW, PULUBI LATER**

Wow! 12-months zero-interest? I-charge na sa credit card 'yan!

Swipe, walang aray.

Timing! May 50% sale today! I-charge na sa credit card 'yan!

Swipe, walang aray.

Grabe! May piso-fare today! I-charge na sa credit card 'yan!

Swipe, walang aray.

Pero pagdating ng billing statement, ARAAYYYY!!!

Using a credit card seems like the easiest and most painless way of spending money, dahil hindi mo siya mararamdaman sa una.

Walang masama sa pagkakaroon ng credit card, lalo na kung nababayaran natin ito ng buo on or before its due date.

Wala rin masama sa pagkakaroon ng credit card, lalo na kung hindi utang ang ibinabayad natin para dito.

Walang masama kung ime-maintain natin ang credit card, basta responsible tayo at marunong mag-control.

Credit card — maliit na bagay, pero napakalaking epekto sa ating finances.

Saan ba nag-uumpisa ang problema natin pagdating sa paggamit ng credit card?

## WHEN YOU GIVE IN TO TEMPTATION

Ginagamit ang credit card kahit alam ng iba na wala naman sila sa budget. Bahala na si Batman, basta makuha lang ang gusto.

Malakas ang loob natin na gumamit kasi nandun yung feeling na may pera kahit walang hawak na cash. Mabilis bumigay sa tukso, lalo na kung may credit card.

## WHEN YOU SHOP WITH EMOTIONS

*"Hay, nakakapagod 'tong linggong ito. Makapag-shopping nga."*

*"I am so disappointed and sad today. I need to go to the mall."*

*"3% interest lang? Sige, bahala na. Kaya ko naman siguro."*

Kasiyahan, kalungkutan, excitement, depression - lahat ito ay naa-associate na natin with shopping, kaya mabilis gumamit ng credit card kahit wala naman tayong pera.

Ang tendency, swipe all you can!

When we're feeling overwhelmed, let's pause for a while at pag-isipan muna ang mga susunod na hakbang. Remember that we can always overcome these emotions by taking deep breaths, praying, taking a long warm bath, at marami pang iba without spending too much.

## **WHEN YOU PAY "AFTER" THE DUE DATE**

The word, "after" — 'yan talaga ang kadalasang dahilan kaya ang ibang tao ay baon sa utang. Imbis na mabayaran nang buo, nadadagdagan lang ito ng interest dahil late tayo nakakapagbayad.

Late nakakapagbayad kasi...

- wala naman talagang budget para sa binili.
- meron pang utang sa iba kaya hindi nakabayad.
- nahihirapan maghanap ng taong mauutangan.

Kaya friendship, para hindi magka-problema sa paggamit ng credit card...

### ***USE IT WISELY & RESPONSIBLY.***

Make sure na sa bawat swipe, kaya natin itong bayaran at may budget tayo para dito.

### ***USE IT ONLY FOR NEEDS.***

Don't give in to your desires by buying the things you only want, but don't really need.

### ***USE IT ONLY FOR CONVENIENCE'S SAKE.***

Make sure that you have the capacity to pay everything in full.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Merong ka bang credit card ngayon? Kung meron, ilan?*

*Ginagamit mo ba ito lagi, maski sa mga bagay na hindi mo kailangan?*

*Baon ka na ba sa utang dahil sa patong-patong na interest?*

*Are you willing to make a change para makalabas ka na sa pagkaka-utang?*





# **PAGPAPAUTANG NOW, PULUBI LATER**

*"Friend, may extra ka ba diyan?"*

*"Uy! Baka meron kang pwedeng ipahiram sa akin, gipit lang kasi ako ngayon."*

*"Huwag kang mag-alala, babayaran ko ito kaagad."*

Sanay na ba kayong makarinig ng mga ganyang linya? Sa kakapahiram mo ba, nawawalan ka na sa huli?

Ayos lang naman tumulong at magpautang.

Pero ang masama, kung ito ay labis-labis.

Minsan, inaabuso na ng iba ang iyong kagandahang-loob.

Bakit ba hindi maganda ang pagpapautang?

## **WALANG OPEN-ENDED TERMS**

*"Babayaran kita KAPAG MAY PERA NA AKO."*

*"Ibabalik ko agad sa'yo PAGDATING NG SWELDO KO."*

*"Hayaan mo, KAPAG NAGKA-TRABAHO NA AKO, ibabalik ko sa 'yo agad."*

Ano ba 'yung open-ended? Ito 'yung sisimulan ang isang bagay, pero walang kasiguraduhan kung kailan ito matatapos o magwawakas.

In this case, hindi natin alam kung kailan tayo babayaran ng mga pinautang natin. It may also mean na

pwedeng magbago ang pangako, depende sa sitwasyon.

Halimbawa:

Biglang nawalan ng pera kaya next week na lang.

Biglang walang budget, kaya sa susunod na lang.

Biglang nawalan ng trabaho, kaya 'pag nakahanap na lang.

## **WALANG SENSE OF URGENCY**

Ang mga pinapautang natin, usually, they have no sense of urgency. Since kaibigan natin sila o kamag-anak, masyado sila nagiging kampante na okay na munang hindi sila magbayad — thinking that we understand their situation.

*"Okay lang 'yun. Close naman kami nun."*

*"Sabi naman niya anytime, eh."*

*"Maiintindihan naman siguro ako nun."*

Kapag hindi sila nagmamadali, nade-delay at nade-delay din ang bayad nila sa atin at their most convenient time — habang tayo ay nahihilo na sa kakaisip kung paano uli kikitain 'yung pinahiram natin.

## **NAPAKAHIRAP O NAKAKAHIYANG MANINGIL**

Sabi nga, walang problema 'pag nanghihiram. Pero noong nagkakasingilan na, sila pa minsan ang galit.

*"Baka pwede mo nang bayaran ang utang mo sa akin last year."*

*"Anong utang?! Bayad na ako sa'yo, noh."*

*"Kailan ko kaya pwedeng makuha 'yung hiniram mo? Gipit din kasi ako."*

*"Hindi ba sabi mo anytime, tapos mamadaliin mo ako ngayon?"*

So tayo, para hindi masira ang relationship, we tend to step back a little o pinapalipas na lang dahil sa takot natin sa kanila at sa magiging reaksyon nila. Ayaw natin masigawan, baliktarin, o mapahiya at some point.

Kaya ang nangyayari tuloy, parang pinakawalan na rin natin ng tuluyan ang pera natin.

## **TAYO ANG NABUBUHAY SA STRESS**

We become a slave sa mga pinautang natin.

Hindi man ngayon, pero darating ang panahon na it will be a habit — habit nila manghiram, habit din nating magpahiram.

Imbis tuloy na magamit natin ang pera natin sa ibang bagay at para makaipon tayo ng para sa sarili natin, para bang feeling natin ay kasama na sila sa responsibilidad natin.

Responsibilidad kung saan mahirap makawala.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Sino-sino ang mga pinapautang mo?*

*Bakit ka nagpapautang?*

*Anong gagawin mo para makatulong sa ibang paraan nang hindi ikaw ang nagigipit?*





# GADGETS NOW, PULUBI LATER

Updated ba ang gadgets mo?

Laptop, cellphone, camera, tablet, at kung ano-ano pa. Nandiyan ang:

Lightweight.

Water-proof.

Slim.

Detachable.

HD Camera.

At kung ano-ano pa.

Hindi naman bawal maki-uso. BUT, the question is...

FULLY-PAID NA BA 'YANG MGA BINILI MO?

O naka-12-month zero interest ka lang?

'Yung dami ba ng gadgets mo ay kasing dami na din ng utang mo sa credit card at sa mga kaibigan o ka-opisina mo?

Wala nang natitira dahil sa pagbabayad na lang napupunta ang sahod mo?

Bakit ba nakaka-adik ang magkaroon ng bagong gadget at tila minsan, wala na tayong control dito?

## **IMPULSIVE BUYER**

Dinadaan mo na lang ang lahat sa feelings. If we let our emotions rule over us, lahat nalang gusto mong bilhin. Hindi naman kasi nawawala ang feeling natin na magkaroon ng bagong gamit.

## **GUSTO MAKUHA LAHAT**

May cellphone naman, pero gusto na may isa o dalawa pa para sa iba't ibang network.

May laptop naman, pero bibili pa uli para isa sa office at isa sa bahay.

May camera naman, pero kukuha pa ng pang-underwater at 'yung may wide-shot lens.

May nilalaro naman sa bahay, pero bibili pa ng mga bagong games o 'di kaya'y, bibili pa ng may wireless controller.

Eh, sa dami ng lumalabas maya't-maya, kung maki-kihabol tayo sa bilis ng transition, hindi na nakagugulat if we'll end up broke.

Sadly, we still do it and put up with the consequences because we want:

## **TO IMPRESS**

We keep on buying these things kahit meron na tayong ginagamit — hindi dahil sa kailangan natin, pero dahil gusto nating makuha ito ahead of everyone.

Para saan?

Para sabihing sosyal tayo?

Para mainggit ang iba sa atin?

Para iparamdam sa iba na can-afford tayo?

*"Hindi, ah! Kailangan ko lang talaga."*

I understand kung ito'y talagang kailangan natin and again, kung may pera tayo para mangolekta ng gadgets. But if we pressure ourselves to have these things para lang mapansin tayo ng iba, 'yun ang mali dahil this behavior will just get us into so much debt.

## NO CONTENTMENT

Lungkot na lungkot ka kapag wala kang bagong gadget.

Awang-awa ka sa sarili mo kapag may nakita kang bagong gamit sa kasama mo.

Feeling mo na hindi na maganda at wala na sa uso ang iyong mga gadgets.

Kaya, nagpalit ka ng kulay, size, model o version...

Pero ano ba talaga ang layunin ng cellphone?

To call and text, right?

Kung nakaka-type ka pa naman, nakaka-text, nakakatawag, matutong makuntento.

Learn how to settle with what you already have.

Kung may gusto tayong palitan o makuha, pag-ipunan MUNA natin ito at HUWAG UTANGIN.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Bakit ka bumibili ng gadgets?*

*Dahil sa kailangan mo ba talaga ang mga ito o gusto mo lang magpa-impress?*

*Ang mode of payment mo ba ay cash or credit?*

*Ano ang dapat mong gawin para mabawasan ang iyong addiction sa kabibili ng gadgets?*



**CELEBRATE NOW,  
PULUBI LATER**

Celebrate good times, come on!

Tayong mga Pinoy, talagang mahilig mag-celebrate at mag-party.

Darating at darating talaga ang mga selebrasyon sa buhay natin.

Bakit? Kasi may birthday tayo, may birthday rin ang mga mahal natin sa buhay. Idagdag mo pa ang mga okasyon gaya ng weddings, engagements, anniversaries, despedida, baby shower, at kung ano-ano pa.

If you want to celebrate occasions without burning your wallet, read on for some tips:

## **HAVE A SIMPLE, YET DELICIOUS MENU**

Kung maghahanda ka ng pagkain, hindi naman kailangan na maraming ulam at lalong hindi rin naman kailangan na bongga ang mga ito. May mga pagkain na hindi kamahalan, pero masarap naman at swak sa bulsa. Kailangan lang maging matalino at madiskarte sa pagpili ng menu na babagay sa party at siyempre, yu'ng masarap.

## **DON'T INVITE EVERYBODY**

Hindi tayo obligado na imbitahan ang buong barangay, buong sambayanan, o buong Pilipinas. Most of the time, ang pag-iimbita talaga ang isa sa mga pinaka-challenging na gawin when it comes to planning a party. Sa dami ba naman ng kakilala o

kamag-anak natin, mahirap talagang salain ang invitation list.

But if I were you, iimbitahin ko lang ang mga talagang malapit sa puso ko at talagang nagkaroon ng importanteng bahagi sa buhay ko.

Kung may magtatampo naman, ganoon talaga, ipaliwanag na lang sa maayos at magalang na paraan na limited ang budget para sa okasyon.

## **MAKE A BUDGET PLAN**

Plan within the budget. Huwag tayong sosobra dahil tayo rin ang mahihirapan kapag bayaran na.

Party within your means.

Don't pressure yourself na makipagsabayan sa party ng iba. Kung ano lang ang keri mo, doon ka lang.

What makes a party memorable is not the extravagance, but rather the joy and the love you have with your loved ones while celebrating your special day!

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Madalas ka bang magpa-party?*

*How do you plan a party?*

*What are your struggles when it comes to planning a party?*



**WALANG  
BANK ACCOUNT NOW,  
PULUBI LATER**

Saan napupunta ang sweldo o allowance mo?

Sa bulsa?

Sa wallet lang?

As in, sa wallet mo lang? Hindi sa bangko?

Yikes! Baka hindi magtagal ang pondo mo niyan.

Bakit? It's because we all own a magic wallet — whatever you put inside your wallet, it disappears like magic. LOL!

Nakakatawa, pero kung iisipin mo, may katotohanan din naman ito.

Bakit nga ba may mga taong naglalagay lang ng maraming pera sa loob ng kanilang bulsa o wallet?

## **TO HAVE A SENSE OF SECURITY**

Some people draw their security kapag may pera silang hawak at nakikita.

Pero 'di rin maiiwasan, there's the feeling of insecurity and fear kapag dahan-dahan nang nauubos ang hawak na pera.

## **TO AVOID INCONVENIENCE**

At least, hindi na hassle pumunta sa banko o sa ATM. Hindi na kailangan mapagod sa kakahanap ng ATM o pumila at makipagsiksikan para lang ma-withdraw ang pera nila.

## **FEAR OF BANK RUN**

Some people choose not to put their money in a bank dahil sa takot o haka-hakang pinaniniwalaan

nila tungkol dito.

*"Paano kung magsara ang bangko?"*

*"Paano kung hindi ko na ma-withdraw ang pera ko sa bangko?"*

*"Ang dami nang na-scam sa ATM, paano kung ma-biktima rin ako?"*

In reality, my friend, we can think of all kinds of excuses in this world para tayo lang ang magtago ng pera natin. But at the end of the day, we need to understand that putting our money in the bank is one of the most practical and safest ways to save money.

Safe paglagakan ng pera ang mga bangko, lalo na kung ang pipiliin mo ay isang kumpanyang matatag ang history at reputasyon. Bukod pa diyan, protektado ng PDIC ang halagang aabot sa P500,000 na naka-deposit sa bangko.

Isa pang advantage sa pag-open ng bank account is developing the HABIT OF SAVING.

Kung hindi tayo matututong mag-ipon now, we will never learn how to save later.

Kung hindi tayo magsisimulang magpundar ng maliit na halaga, what more kung mas malaki ang kinikita natin?

Paalala lang po, saving is a habit.

I think the best benefit of opening a bank account is to help instill DISCIPLINE in us when it comes to handling our money.

If we do not have internal discipline, we can hardly fix the external aspect that we need to deal with. In other words, pahirapan natin ang ating sarili na mag-withdraw or bawasan ang pera natin. Because the more money we have in our possession, the more we tend to spend.

Kung mapapansin mo, ang daming advantages kung tayo ay magkakaroon ng bank account.

So, ano pa ang hinihintay mo? Kung gusto nating yumaman at guminhawa ang buhay, matuto tayong mag-umpisa sa maliit dahil ito ay lalaki rin naman later on.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Bakit wala kang bank account?*

*Anong worries mo about this?*

*Are you willing to discipline yourself, open a bank account to secure your savings and be in control of your finances?*

20

22 MONEY LESSONS ON HOW TO AVOID GOING BROKE

**KAIN SA LABAS NOW,  
PULUBI LATER**

Anong nararamdaman mo kapag nakakakita ka ng bagong restaurant?

*"Uy, may bagong bukas na resto doon sa Makati. Ano, game?"*

*"Ayokong mag-baon, nakakahiya. Dami naman nabibilhan dito."*

*"Subukan natin ang mga kainan doon, oh. Tapos, post natin sa Instagram."*

Ang saya-saya! Exciting! Ang sarap isa-isahin! Sa lahat ng favorite hobbies nating mga Pinoy, isa na rito ang kumain!

Walang masama sa pag-enjoy, lalo na kapag may extrang pera ka naman para dito.

Masarap kasing kumain, eh. We're adventurous and curious to try out new things. Kaya naman, kung anong bago at kung anong gusto natin depende sa trip, doon tayo dinadala ng mga paa natin.

Wala rin namang masama maging "Dora the Explorer" pagdating sa ganito o 'yun bang, sumubok ng iba't-ibang kainan. Pero kung nabubutas na ang bulsa mo at nasa-sacrifice na ang budget mo dahil dito, mukhang kailangan mo nang mag-slow down.

Ano ba ang mga kailangan nating tandaan para hindi tayo mamulubi?

## **SET A BUDGET**

Ano ba ang mga kadalasang nasa budget list natin?

Nandito ang:

Food.

Transportation.

Kuryente at tubig.

Bayad sa upa.

Tingnan mo, may lugar ba rito ang fancy meal o restaurant hopping? Kung wala, ibig sabihin ay ang mga ginagastos at ginagalaw pala natin sa kaka-kain ay nakalaan para sa mga importanteng bagay na nasa listahan natin.

Kaya kung nagtataka ka kung bakit bigla itong nag-kukulang, iyan ang dahilan.

If you really want to do this, save up for it first. Gawin mo itong motivation or reward for all your hard work. Pwedeng every month or every other month, basta it's from extra money.

## **BRING YOUR OWN BAON**

Bakit ba ang iba sa atin ay ayaw mag-baon?

*"Ayoko! Ang laki-laki ko na, magba-baon pa ako?"*

*"Para naman akong kawawa niyan."*

*"Nakakahiya, baka sabihin nilang wala akong pera."*

Una sa lahat, walang nakakaawa sa taong wais sa pera. Busog nga ang tiyan natin, pero gutom naman ang bulsa at savings natin dahil wala na itong laman. Hindi ba't mas nakakahiya 'yun?

## **MAKE TIME TO PREPARE FOR IT**

*"Chinkee, wala akong panahon para magluto."*

Kung walang panahon, hanapan ng panahon. 'Yung mga oras natin sa gabi na kinakalikot lang ang cellphone o nanunood ng TV, use it to prepare your baon. Either you cook or gamitin mo ang ulam n'yo that night as your baon for the next day.

Besides, walang mahirap at nakakapagod sa taong willing magtipid. I'm telling you, malaki ang maitatabi natin with this simple habit.

## **CHOOSE SOMETHING THAT IS BOTH AFFORDABLE AND ENJOYABLE.**

Hindi porke't nade-deprive tayo sa mga kainan na hindi kaya ng budget natin, it doesn't mean na hindi na tayo pwedeng mag-enjoy. Kung minsan pa nga, mas masaya pa rin talaga sa pakiramdam kumain ng mura, pero masarap.

Try out restaurants that are newly-opened, less crowded, less visited, or mga soft opening pa lang because these are the ones that offer great deals.

Bago pa man sila magtaas ng presyo, natikman mo na at nakatipid ka pa.

JUST SAY NO.

Kung wala sa budget, say NO.

Kung hindi mo kaya, say NO.

Wala namang pumipilit sa atin. Kung tunay silang kaibigan, maintindihan nila. Challenge yourselves instead to find cheaper, but delicious food options.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Mahilig ka bang mag-restaurant hopping?*

*Nauubos ba ang pera mo dahil dito?*

*How can you save and enjoy at the same time?*





# **TAKAW-TINGIN NOW, PULUBI LATER**

Natutukso ka bang mag-buffet, eat-all-you-can, or promo deals lagi?

Na-experience mo na bang kumuha ng sobrang daming pagkain, pero hindi mo naman ito maubos-ubos?

Minsan ba, ang pakiramdam mo ay parang nagtatapon ka lang ng pera at nanghihinayang ka after kumain?

'Yan ang tinatawag natin na TAKAW-TINGIN.

Ito 'yung hindi magandang ugali na bili dito, bili doon. Crave dito, crave doon. Maski hindi maubos, maski wala sa plano — basta makatikim at makakain lang.

Ang pagiging takaw-tingin ay hindi lang pwede mangyari sa pagkain. Ganoon din ito sa mga gamit, damit, gadgets, sasakyan, bahay, at marami pang iba. 'Yun bang tipo na dahil hindi ka nasisiyahan sa kung ano ang meron ka, ninanais mong magkaroon ng higit pa sa pangangailangan mo.

*"Bakit, Chinkee? Masama bang kumuha ng maraming pagkain kung gutom ka o bumili ng bago?"*

Wala namang masama rito. Ang problema, ay kung hindi nauubos ang pagkain na kinukuha natin o lumalagpas na tayo sa budget.

Paano mo malalaman na takaw-tingin ang isang tao?

## **NO CONTENTMENT**

Para sa mga takaw-tingin, hindi sapat ang three square meals per day. Hindi rin uso sa kanila ang mga salitang, "*busog na ako*". They will just keep on eating and eating at walang pinipiling mood o okasyon.

When this happens, wala na tayong ibang pupuntahan kundi restaurants, groceries, canteens, vendo machines, or cafes just to get what we want at the moment.

At siyempre, sa kada punta natin, maglalabas tayo nang maglalabas ng pera.

## **BIBILI, PERO HINDI UUBUSIN**

Ga-bundok na sa taas ang kinuhang pagkain sa buffet, pero kalahati lang pala ang kayang ubusin. Marami nang gamit, pero bibili ng bago dahil ito ang uso.

Pinakamalaking size ng kape ang inorder, pero titikim lang naman pala.

I am sure we've done these in the past. Minsan lalong napaparami ang kuha mo kapag marami ang nakapila.

Hindi mo ba alam na sa bawat pagkain o gamit na tira-tira, may katumbas na perang nasasayang? Kaya, maging conscious na sana tayo. Learn how to get what you can ONLY consume. Kung 'di tayo sigurado, pause for a bit at baka sakaling lumipas rin ang craving natin.

Naging ugali ko nang hindi bilhin agad ang gusto ko. Instead, I will sit it out for 30 to 60 days. At kapag lumipas na ang panahong ito at nawala na 'yung nginig ko, ibig sabihin, gusto ko lang ito, pero hindi ko naman talaga kailangan.

Takaw-tingin translates to GREED.

Left unchecked, ito ay mauuwi sa pangungutang o panghihiram para lang ma-satisfy lang ang gusto natin.

Gagalawin ang budget na nakalaan para sa ibang bagay, basta makatikim lang ng kung anong ninanais.

I will now end this by saying...

Walang masama sa pagkain nang bongga, as long as walang masasayang sa kakainin mo.

Wala ring masama sa pagbili ng bagong gamit, as long as kailangan mo ito at hindi mo ito uutangin.

Huwag naman dumating sa point na busog nga ang ating tiyan at mata, pero nangangayayat naman ang wallet at bank account natin dahil sa walang hum-pay na pagbili.

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Ikaw, saan ka nagiging takaw-tingin?*

*Paano mo malalabanan ang craving na ito nang hindi nadidisgrasya ang iyong wallet?*

*What alternatives can you think of para mas maging praktikal at wais ka?*





# TAMBAY NOW, PULUBI LATER

*“Anong masama kung wala akong trabaho? At least, hindi pagod.”*

*“Kuntento na ako sa ganito. Nakakaraos pa rin naman.”*

*“May nahihiraman naman ako, eh. Matagal nga lang.”*

May mga kilala ba kayong may attitude na...

*“OKAY NA ITO...”*

*“PWEDE NA YAN...”*

Instead of aiming for the best, some people settle for less.

*“Chinkee, akala ko ba dapat marunong tayong makuntento?”*

Oo, totoo yun. Pero kung alam natin na may ibubuga pa naman tayo to improve, to be better, and to maximize the potential that we have been blessed with, then PUSH LANG NANG PUSH! Para naman, hindi masayang ang ibinigay sa atin na talento at talino ng Diyos.

Kung sasanayin lang natin ang ating mga sarili na mangutang at manghiram araw-araw, kahit pwede ka namang kumita para sa sarili mo, hindi talaga matatapos ang problema.

At kung mas nanaisin natin na matulog lang at ubusin ang lahat ng oras sa kapapanood ng mga

TV series o maglaro ng computer games, hindi talaga giginhawa ang ating mga buhay.

Bakit nga ba may mga taong WALANG GINA-GAWA? Dahil ba sila ay tamad? I don't think so.

Maaring tamad silang maghanap ng work, pero ang sipag naman nilang makipagbarkada.

Maaring tamad silang gumawa ng gawaing-bahay, pero ang sipag naman nilang mag-COC at mag-DOTA.

Ang bottomline ay naniniwala ako na walang taong tamad. May mga taong umiiwas lang sa bagay-bagay.

## **THEY WANT TO AVOID RISKS**

May bagong opportunity, pero tinatanggihan.

May dumating na pagkakakitaan, pero aayawan.

May mga job offer na ibinibigay, pero tatalikuran.

Ayaw man lang subukan kasi iniisip kaagad na mas mabuti pang umiwas kaysa mabigo.

Ang risk ay parang pelikula lang. Hindi natin makikita ang ending kung hindi natin ito tatapusin. Kung hindi maganda, okay lang dahil marami pa namang magagandang pelikula na ipalalabas.

Tulad ng risk, tingnan muna natin at kung hindi masyado nag-succeed, use the experience to motivate you for the next try. Try lang ulit to know kung saan ka talaga nababagay.

## THEY LACK MOTIVATION

Ang ilang signs ng taong depressed ay...

- Parating nag-iisa.
- Naka-focus lagi sa negative.
- Laging mainit ang ulo at naninisi ng iba.

People succeed because they push themselves to move out of their comfort zones. They are willing to choose to explore other possibilities, kahit hindi sila sigurado.

Oo, maaring nakakatakot at walang assurance. But how will we know what's out there if we don't move? Tama?

Step out of your comfort zone. Ang kakulangan ng motivation ay maaring isang dahilan kung bakit may ibang napag-iiwanan.

Kung ayaw natin na mangyari ito sa atin, galaw-galaw din pag may time!

## THEY DON'T BELIEVE IN THEMSELVES

Mababa ang tingin sa kanilang sarili...

*"Mahirap lang ako."*

*"Wala naman akong natapos, eh."*

*"Sino ang maniniwala at kukuha sa akin?"*

This is where POSITIVITY can make a difference.

Iba kasi ang nagagawa ng mga salitang:

*"Walang mahirap sa taong maparaan."*

*“Kahit wala akong natapos, masipag naman ako.”  
“Ako ay mapagkakatiwalaan at maraming hanga sa  
aking katapatan.”*

We have a lot of things in mind na gusto natin ma-achieve, pero we either take little action or NO action at all.

We have a lot of dreams, pero nauunahan tayo ng takot at wala tayong ginagawa.

Lahat tayo ay may gusto mangyari sa buhay natin, pero kung hindi tayo kikilos, nothing will happen. Hindi tayo pwedeng mangarap na walang ginagawa. Naniniwala ako na oras mo na para magsimula.

**HUWAG MATAKOT!**

**HUWAG MANGAMBA!**

**MAG-UMPISA! MANIWALA! MANALIG SA DIYOS!**

**THINK. REFLECT. APPLY.**

*Ikaw ba ay isang tambay ngayon at walang ginagawa?*

*Masasabi mo bang ikaw ay tunay na masaya at kuntento sa sitwasyon mo ngayon?*

*Anong aspeto sa buhay mo ang dapat mong baguhin para umasenso ka?*

*Ano ang plano mo para matupad ito?*

**DOWNLOAD**

# THE **CHINK+**™ APP!

- 1** Go online on your mobile gadget and go to Google Play or App Store.
- 2** Search for **“Chinkee Tan.”**
- 3** Tap And Download.



@chinkeetan



# Learn The 5 Stages of Becoming Truly Wealthy!



**GET THIS PHP1,500  
TRAINING COURSE FOR FREE!**

Visit [chinkeetan.com/5-stages](http://chinkeetan.com/5-stages)  
to get **FREE** access now!

**CHINK+**       @chinkeetan

LEARN HOW TO  
**SAVE · BUDGET · INVEST · STAY DEBT-FREE**



Get a Do-It-Yourself  
**MONEY KIT**  
Today!

Visit [chinkeetan.com/moneykit](http://chinkeetan.com/moneykit)  
and watch the  
**FREE VIDEO.**

## CHINKEE TAN BOOKS



For more details how to get these books, go to  
[www.chinkeetan.com](http://www.chinkeetan.com)



For more details how to get your **CHINK+** Money Kit, go to  
[www.moneykit.com.ph](http://www.moneykit.com.ph)



**SUNDAYS • 6AM—8AM**

*Tune in to*

**92.3NEWSFM**  
Hatid sa inyo ng **RADYO**

*Simulcast over*

CHANNEL 41  
**AKSYONTV**

WWW.INTERAKSYON.COM  
**INTERAKSYON**



**MR. CHINKEE TAN**  
MONEY & LIFE COACH

*Email me at*  
**visionchinkee@gmail.com**



**www.chinkeetan.com**